

THESIS/DISSERTATION ABSTRACT

(1331)

Title: “Ang Tulay”: Pagsasa-Filipino ng Pagsasalin sa Wikang Ingles ni Suzanne Noffke, O.P. ng Ikaapat na Bahagi ng *Dialogo di Santa Caterina da Siena*

No. of Pages: 269 pages

Researcher: Jules Philip V. Hernando

T5 H46 2006

Adviser: Rev. Fr. Miguel Lambino, S.J.

School: Ateneo de Manila University

Year: 2006

Subject Area: Theology

Degree Conferred: Master of Arts

Statement of the Problem:

Main Problem:

Isinalin sa wikang Filipino ang “The Bridge,” ang ikaapat at pinakamahabang bahagi ng *Dialogo ni Santa Catalina ng Siena* mula sa pagkakasalin dito ni Suzanne Noffke, O.P. sa wikang Ingles. Itong tanging aklat sa mga obra ni Santa Catalina ay itinuring bilang isa sa mga pinakamahalagang likhang-sulat ukol sa buhay-espirituwal sa kasaysayan ng sangkatauhan.

Sa pamamagitan ng gawaing ito ay ninanasang higit na ipakilala sa mga Kristiyanong Filipino si Santa Catalina ng Siena pati na ang kanyang mga aral at turo bilang isa sa mga Pantas ng Santa Iglesia (*Doctores Ecclesiae.*) Bukod sa pagsasalin ng naturang teksto ay idinagdag din ang isang talaan ng mga tanong na pantulong sa pagmumuni-muni para sa bahagi ng *Dialogo* na kasama sa tesis; mga paglalagom ng lahat ng malalaking bahagi ng aklat; at isang talasalitaan ng mga mahahalagang konsepto na ginamit sa pagsasalin at ang orihinal na kahulugan ng mga ito sa wikang Ingles.

Sub-Problems:

Inunawa ng gawaing ito si Santa Catalina ng Siena at ang kanyang aklat sa konteksto ng pagbabago sa kasaysayan ng pagtatalaga sa Santa Iglesia ng mga Pantas nito. Ito ang dahilan kung kaya’t tinalakay muna sa pambungad na sanaysay ang kahulugan at mga implikasyon ng terminong “Pantas ng Iglesia.”

Nasasalamang sa mga pagbabagong ito ang pagpapanariwa sa Santa Iglesia ng pagkilala sa kadakilaan ng pagiging laiko, partikular na ng mga kababaihan. Idinambana din nito ang katotohanan na sa pamamagitan ng sakramento ng binyag, nakikibahagi ang lahat ng mga Kristiyano sa pangkalahatang tawag na maging mga Pantas. Inaasahan na matalos ito ng mga mambabasa sa pamamagitan ng kasalukuyang gawain upang higit pa nilang pagmuni-munihan at isabuhay ang kanilang pananampalataya. Pinagsikapan din, kung

gayon, na mapadali ang pagkakaunawa sa gawain ng mga pangkaraniwang Kristiyanong higit na nakaiintindi sa wikang Filipino.

Procedure

Nagsimula ang gawain sa pagpili ng bersyon ng Dialogo sa wikang Ingles na isasalin. Sa dalawang pagpipilian ay pinili ang kay Suzanne Noffke sapagkat kontemporaryo ang uri ng wikang Ingles na ginamit dito, bukod pa sa higit itong kumpleto samantalang ang isa naman ay ginamit na pantapat sa pangkalahatang kahulugan ng natapos na gawain. Sa puntong ito ay pinagdesisyonang nang isalin ang buong akda.

Binasa muna ang lahat ng malalaking bahagi ng aklat kasabay ng pananaliksik ukol kay Santa Catalina. Tiningnan ang buhay ng Santa pati na ang iba't ibang pag-aaral ukol sa kanyang diwa, kasama na ang balangkas at nilalaman ng kanyang aklat upang makapagbigay ng tulong sa tagasalin sa higit niyang pagkakaunawa sa daloy at nilalaman ng *Dialogo*. Pagkatapos ay saka isinalin nang kaba-kabanata ang aklat.

Nasa isipan na ng tagasalin, ang kanyang mga pinatutungkulang mambabasa (*target users*)--ang mga laiko, sa simula pa lamang ng pagsasalin. Gayunpaman, naging higit na literal pa rin ang resulta ng mga naunang hakbang bagama't mahihinuha na rin naman dito ang pagtatangkang hulihin ang kahulugan ng teksto. Nirebisa nang dalawang beses ang pagsasalin pagkatapos at saka ipinasa sa unang naging tagapayo ng tesis. Sa pamamagitan ng kanyang mga puna ay gumawa ng ikatlong borador. Ito na ang pumunta sa naging ikalawang tagapayo ng tesis at nang lumaon ay sa ikalawang tagapagbasa (*second reader*.)

Dahil sa payo ng ikalawang tagapagbasa na ipakita ang gawain sa mga kinatawan ng mga pinatutungkulang mambabasa ay ito ang isinunod na ginawa. Positibong mga reaksyon ang naging resulta ng hakbang na ito. Naging pangwakas na bahagi naman ng proseso ay ang paghingi ng pamunuan ng Loyola School of Theology na pumili lamang ang tagasalang ito ng isang bahagi ng *Dialogo* na gagamitin sa depensa at huling bersyon ng tesis. At dahil itinuturing na pinakamahalaga at sentral na bahagi ng aklat ang alegoriyang "The Bridge" ay ito ang ipinasa ng manunulat na ito bilang "Ang Tulay."

Treatment of Data

Ginamit sa pagsasalin ang bilin at mga payo nina Virgilio S. Almario at mga kasama sa kanilang aklat na *Patnubay sa Pagsasalin*. Nakikiisa, kung gayon, ang tagasalin sa paninindagan sa aklat na hindi "isang hamak at parasitikong gawain ang pagsasalin," bagkus, ay isa itong "pagliligtas." Dagdag pa dito ang pananaw na ang mensahe o kaisipan ng orihinal na akda ang hinuhuli ng tagasalin upang mailipat sa tumatanggap na wika sa pinakamalapit na natural na katumbas.

Tinatawag na Komunikatibong Salin o Semantikong Salin ang pinagsikapang gamitin bilang paraan ng pagsasalin ng teksto. Dito ay "nagtatangkang maisalin ang eksaktong kontekstwal na kahulugan sa orihinal sa wikang katanggap-tanggap at madaling maunawaan ng mambabasa," sa isang banda at "kung hindi man siyento porsiyentong tapat sa orihinal ay naroon naman ang pakikiisang-damdamin sa orihinal batay sa sariling pakiramdam," sa kabilang banda.

Naniniwala din ang tagasalin na hangga't may maibibigay na mga kataga ang kasalukuyang wikang pambansa ay hindi dapat ugaliin ang panghihiram ng mga salitang banyaga. At sa mga pagkakataon na higit na ang katagang hiram ang makahuhuli sa kahulugan ng nasa Ingles kung kaya't ito ang piniling gamitin ay sinigurado pa rin na gamitin na ng mga Filipino ang naturang salita.

Findings

Higit na malaking bahagi ng *Dialogo* ang madaling isalin sa wikang Filipino. Pangkaraniwang nagmula ang naranasang mga kahirapan sa kahabaan ng mga pangungusap ni Santa Catalina. Tinugunan ito ng pagputol sa mga ito at lumikha buhat dito ng isa o dalawang maiikling pangungusap. Upang walang mawaglit sa kaisipan ng Santa ay pinanatili at inulit ang simuno ng orihinal na pangungusap sa mga pinaikling pangungusap.

Naroroon sa pagsasalin ng ilang mga termino sa aklat ang isa pang naranasang kahirapan. Para sa mga ito ay gumamit ng mga tumbasang di-literal o pagsasaling-diwa sa pamamagitan ng paglikha ng mga tinatawag na "larawang parirala." Nanganga-hulugan ito ng pagtatapat ng isang termino sa orihinal na salita "pagkatapos tuklasin ang kahulugan nito sa simulaang pagsasalin."

Conclusion

May mga kahinaan ang kasalukuyang pagsasalin ng *Dialogo*. Una, hindi nagmula ang pagsasalin sa orihinal na wika ni Santa Catalina, ang Italyano. Ikalawa, hindi propesyunal na tagasalin ang manunulat na ito. Ikatlo, hindi maaaring isama sa kasalukuyang gawain ang pagsasalin ng buong aklat. Bunga nito ay maaaring mahadlangan ang ganap na pagkaunawa sa mensahe ng Santa. Panghuli ay sadyang nakapapagod ang istilo ng pagsasaling ito lalo na kung susubukan itong basahin nag mabilisan o nang malakihan sapagkat katotohanan na hindi ganap na mapagagaan ang istilo ng *Dialogo* ng hindi sinisira ito. Kinakailangan na naghahanap at naghahangad ng katotohanan ng Diyos ang mambabasa at unti-untiin niya ang pakikisalo sa dialogo sa pagitan ng Diyos Ama at ng isang kaluluwa na walang iba kundi si Santa Catalina ng Siena mismo.

Recommendations

Unang pagsisikap ito na isalin ang aklat ni Santa Catalina ng Siena. Natitiyak, kung gayon ng tagasaling ito na maaari pang pagbutihin ang buong gawain. Kinakailangan pa ang karagdagang ebalwasyon nito. Nararapat na mamalas muna ang kabuuan ng pagsasalin ng buong aklat at hindi lamang ang bahaging ito upang maganap ito. Dito pa lamang makagagawa ng angkop ng pagtatasa kung sapat na nga ba ang nagawang pagsasalin o hindi pa. Makatutulong ang pagbabasa ng higit pang maraming tao partikular na ng mga pinatutungkulang mambabasa, ang mga laiko.